SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

Igg. Raymond R. Perez
Igg. Mel Evander Juan
Igg. Wilfredo C. Canoza
Igg. John Erick L. Perez
Igg. Aljhaneal E. Quiñones
Igg. Soliman C. Santos
Igg. Phillip Wyner E. Santos
Igg. Juliet DJ. Dela Cruz
Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA
Igg. Leo T. Santos

# KAUTUSAN BLG. 2024-26

**"NAGPAPATIBAY SA MULING PAG-UURI (*RECLASSIFICATION*) NG LUPANG ISINASALARAWAN SA TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NOS. 039-2018009025 AT 039-2019004880 NA MAY KABUUANG SUKAT NA LIMANG LIBO, ISANG DAAN AT WALUMPU'T ANIM NA METRO KWADRADO (5,186 SQ. M) NA PAGMAMAY-ARI NG XIN RECYCLING INDUSTRIAL INCORPORATED NA NAKADATAL SA BARANGAY MALAMIG, BUSTOS, BULACAN MULA AGRIKULTURAL TUNGO SA INDUSTRIYAL."**

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Soliman C. Santos**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Pagawaing Bayan, Pagamit ng Lupa at Pabahay**

---

**SAPAGKA'T,** alinsunod sa Seksiyon 20 ng Republic Act 7160, kilala din bilang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan na muling uriin ang mga lupang sakahan at itakda ang pamamaraan ng paggamit nito;

**SAPAGKA'T**, nagsumite ng kahilingan ang Xin Recycling Industrial Incorporated na kinatawan ni G. Rex A. Manlapaz para sa muling pag-uri o pagreklasipika ng lupang isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title Nos. 039-2018009025 at 039-2019004880 na may kabuuang sukat na limang libo, isang daan at walumpu't anim na metro kwadrado (5,186 sq. m) na nakadatal sa Barangay Malamig, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa industriyal;

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagan establisiyemento ay makakatulong para sa kaunlaran ng nasabing barangay, na makakatulong sa pagbalanse ng pag-unlad ng bawat barangay sa bayan ng Bustos, Bulacan;

Igg. Martin S.J. Angeles

Igg. Francis Albert G. Juan

**SAPAGKA'T,** ang pagkakaroon ng karagdagang negosyo ay makakatulong sa pagtaas ng antas ng pag-eempleyo at kabuhayan sa mga mamamayang Bustosenyo;

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. SOLIMAN C. SANTOS**, na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat ng mga Kasangguning dumalo sa pulong na ito:

**ISINASABATAS, gaya ng dito ay ISINASABATAS,** ng Sangguniang Bayan ng Bustos ang mga sumusunod:

***Seksyon 1. Saklaw ng Pag-apruba.*** - muling inuuri ang lupang isinasalarawan sa Transfer Certificate of Title Nos. 039-2018009025 at 039-2019004880 na may kabuuang sukat na limang libo, isang daan at walumpu't anim na metro kwadrado (5,186 sq. m) na pagmamay-ari ng Xin Recycling Industrial Incorporated na nakadatal sa Barangay Malamig, Bustos, Bulacan mula agrikultural tungo sa industriyal.

***Seksyon 2. Basehang Ligal.*** – ang hakbanging ito ay alinsunod sa Seksiyon 20 ng Republic Act 7160, kilala din bilang Batas ng Pamahalaang Lokal ng 1991, ang Sangguniang Bayan ay binibigyang kapangyarihan na muling uriin ang mga lupang sakahan at itakda ang pamamaraan ng paggamit nito.

***Seksyon 3. Pagpapaunlad ng muling naklasipikang lupa.*** – ang may ari ay tatalima sa mga regulasyon, batas at patakarang itinatadhana ng batas bago magamit ang nasabing lupa. Ang establisiyementong itatayo sa nasabing lupa ay hindi dapat makakasira sa kalikasan, kapaligiran at kalusugan ng mga mamamayang nakapalibot rito.

***Seksyon 4. Pagbabawal ng Paggamit.*** – Ang nasabing klasipikadong lupa ay hindi maaaring gamitin sa anumang paraan para sa mga layunin maliban sa aprubadong paggamit.

***Seksyon 5. Pagkuha ng mga Tauhan/Manggagawa.*** – ang may-ari ng nasabing lupa ay tatalima sa Pambayang Kautusan Blg. 2022-15 na may pamagat na **"REQUIRING ALL BUSINESSES AND COMPANIES OPERATING WITHIN THE MUNICIPALITY OF BUSTOS SHALL BE COMPOSED OF AT LEAST SEVENTY PERCENT (70%) RANK AND FILE EMPLOYEES WHO ARE RESIDENTS OF BUSTOS, BULACAN".**

Igg. Raymond R. Perez
Igg. Mel Bryan P[illegible]dan
Igg. Wilfredo G. Canoza
Igg. John Patrick L. Perez
Igg. Allhaneal E. Quiñones
Igg. Soliman C. Santos
Igg. Phillip Wayner B. Santos
Igg. Juliet DJ. Dela Cruz
Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA
Igg. Leo F. Santos

Igg.Martin SJ. Angeles

Igg. Francis Albert G. Juan

***Seksyon 6. Tungkulin ng Municipal Assessor.*** – Sa pasubali ng pagtalima sa iba pang batas at regulasyon, agarang itatala ng Municipal Assessor sa kanyang talaan ng ari-arian ang anumang pagbabago sa paggamit ng lupa para sa layunin ng pagbubuwis.

***Seksiyon 7. Pagpapahiwalay na Sugnay.*** – Alinmang bahagi o mga bahagi ng ordinansang ito na mapapayunayang labag sa batas ay hindi magpapawalang bisa sa ibang bahagi na siyang mananatiling may bisa at epektibo.

***Seksiyon 8. Pagpapawalang Bisang Sugnay.*** – Ang lahat ng ordinansya, resolusyon o batas na salungat sa ordinansang ito ay pinapawalang bisa.

***Seksiyon 9. Pagkakabisang Sugnay.*** – na ang ordinansang ito ay magkakabisa matapos lagdaan ng Punong Bayan.

**ISINASABATAS,** ngayong ika-2 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

**Marie Niña Nikkie Perez, MA**
Kasangguni

**Leo T. Santos**
Kasangguni

**Phillip Wryner B. Santos**
Kasangguni

**Juliet DJ. Dela Cruz**
Kasangguni

**Aljhaneal E. Quiñones**
Kasangguni

**Soliman C. Santos**
Kasangguni

**Wilfredo G. Canoza**
Kasangguni

**John Erick L. Perez**
Kasangguni

**Raymond R. Perez**
ABC Vice President

**Mel Ryan P. Juan**
SK President

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**Igg. Francis Albert G. Juan**

## PAGPAPATUNAY:

Pinatutunayan ko na ang Kautusang ito ay isinabatas ng Sangguniang Bayan ngayong ika-2 ng Disyembre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim

*Sinang-ayunan:*

Nilagdaan ngayong ika-___ ng _______________ 2024

**FRANCIS ALBERT G. JUAN**
Punong Bayan

Igg. Raymond R. Perez

Igg. Mel Ryan P. Juan

Igg. Wilfredo G. Canoza

Igg. John Erick L. Perez

Igg. Aljhaneal E. Quiñones

Igg. Soliman C. Santos

Igg. Phillip Wyner B. Santos

Igg. Juliet DJ. Dela Cruz

Igg. Marie Niña Nikkie Perez, MA

Igg. Leo T. Santos

**Igg.Martin SJ. Angeles**